Paraan ng pag-file ng deposit insurance claim kung ikaw ay DEPOSITOR ng nagsarang Rural Bank of Cuyo (Palawan), Inc. na alinman sa mga sumusunod:

- ✓ May account balance na higit sa ₱500,000
- ✓ May utang sa nagsarang bangko bilang borrower, co-maker o spouse (asawa) ng borrower
- ✓ Hindi kumpleto ang address sa records ng bangko
- ✓ Nakapangalan sa *unregistered* o hindi rehistradong mga negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya ang deposito

PDIC
Bank deposit mo, protektado!

1. E-mail sa cuyorb-pad@pdic.gov.ph

Ipadala ang malinaw na scanned o photo images ng mga sumusunod:

a. Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Unang pahina ng Savings Passbook na may pangalan at account number at huling pahina nito na may account balance; o una at huling pahina ng Certificate of Time Deposit
c. Isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*

2. Postal Mail o Courier Service sa:

Public Assistance Department
Philippine Deposit Insurance Corporation
Ground Floor, PDIC Chino Bldg.,
2228 Chino Roces Avenue,
Makati City 1231

Ilakip ang mga sumusunod:

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*

**Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) valid IDs para masiguro ang mas mabilis na pagproseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.*

3. Personal na pag-file sa:

Public Assistance Center (PAC)
Philippine Deposit Insurance Corporation
Ground Floor, PDIC Chino Bldg.,
2228 Chino Roces Avenue, Makati City

Dalhin ang mga sumusunod:

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye at napirmahan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Orihinal at photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma**.

***Iminumungkahi na magdala ng dalawang (2) valid IDs kung sakaling may pagkakaiba sa pirma*

Halimbawa ng valid IDs:

Driver's License, SSS/GSIS ID, Senior Citizen's ID, Passport, PRC ID, OWWA/OFW ID, Seaman's ID, Alien Certificate of Registration ID, Voter's ID o PhilID (Philippine National ID).

Kailan maaaring mag-file ng deposit insurance claim?

July 4, 2024 hanggang June 10, 2026 kung ang iyong deposito ay hindi lalagpas sa ₱500,000.

Paano makakuha ng Claim Form?

I-download ang Claim Form sa PDIC Website (http://www.pdic.gov.ph/files/New_PDIC_Claim_Form.pdf).

Maaari ring i-download and Claim Form mula sa Depositor's Corner ng PDIC website, i-click lamang ang Filing Thru E-mail sa kaliwang bahagi nito.

Walang bayad ang Claim Form at ang pag-proseso ng claim.

Ang pirma sa Claim Form ay dapat pareho sa pirma sa bank records at sa valid IDs na isinumite ng depositor.

Kailan dapat mag-file ng claim para sa excess o uninsured na portion ng deposit insurance?

Ang mga depositor na may deposit balance na **higit** sa ₱500,000 na maximum deposit insurance coverage (MDIC) ay hinihikayat na mag-file ng kanilang deposit insurance claim on or before **August 30, 2024**. Ito ang deadline ayon sa batas upang mag-file ng claim para sa mga asset ng nagsarang **Rural Bank of Cuyo (Palawan), Inc.**

Ang claim para sa ***uninsured portion*** o para sa deposit na higit sa MDIC ay itituring nang *filed against the assets* ng **Rural Bank of Cuyo (Palawan), Inc.** kung ang deposit insurance claim ay nai-file bago ang nasabing deadline na **August 30, 2024**.

Ang *uninsured portion* ng deposit ay claim para sa mga natitirang asset ng nagsarang bangko, at hindi na liability ng PDIC bilang state deposit insurer.

Mga Karagdagang Requirement sa Pag-file ng Deposit Insurance Claim sa Nagsarang Rural Bank of Cuyo (Palawan), Inc.

PDIC
Bank deposit mo, protektado!

1. Para sa mga depositor na 17 years old pababa, kinakailangan ng photocopy ng Birth Certificate mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) o Certified Copy mula sa Local Civil Registrar, at valid ID ng magulang/guardian.

2. Orihinal na kopya ng notarized/authenticated Special Power of Attorney (SPA) ng depositor o magulang/guardian ng isang menor de edad na depositor, kung ang claimant ay walang lagda o pirma sa mga bank record.

I-download ang SPA form mula sa PDIC website: http://www.pdic.gov.ph/files/spa_claims.pdf

Kung kinakailangan, maaaring humingi ang PDIC ng mga karagdagang dokumento para sa pagsusuri at pag-proseso ng deposit insurance claim.

SINO ANG DAPAT PUMIRMA SA CLAIM FORM?

1. **Depositor** ng account (para sa mga depositor na 18 years old pataas)
2. **Magulang/guardian** ng depositor (kung ang edad ng depositor ay 17 years old at pababa)
3. **Agent** para sa mga "By" account
4. **Trustee** para sa mga "In Trust For (ITF)" account
5. **Bawat isang depositor/account holder** sa magkahiwalay na Claim Form para sa mga joint account tulad ng "Or", "And/Or" o "And" account
6. **Authorized representative/s** para sa mga unregistered o hindi rehistradong mga negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya, o namatay na depositor at sino man na may SPA mula sa depositor

(02) 8841-4141
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa Metro Manila)

1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)

cuyorb-pad@pdic.gov.ph

www.facebook.com/OfficialPDIC